


**Sir William Stephenson Library**
204-986-7070 • 765 Keewatin St.

**St. John's Library**
204-986-4689 • 500 Salter St.

**Harvey Smith Library**
204-986-4677 • 999 Sargent Ave.

**St. James-Assiniboia Library**
204-986-5583 • 1910 Portage Ave.

**Westwood Library**
204-986-4742 • 66 Allard Ave.

**Millennium Library**
204-986-6450 • 251 Donald St.

**Charleswood Library**
204-986-3072 • 6-4910 Roblin Blvd.

**Digital na Library**
24/7 na access sa mga eBook, audio-book, streaming na pelikula at musika, at online na pag-aaral.
**winnipeg.ca/library**

**Mga Serbisyo ng Outreach**
**204-986-5580**
Mga mobile na programa at presentasyon sa komunidad.

**Bill & Helen Norrie Library**
204-986-4936 • 15 Poseidon Bay

**Cornish Library**
204-986-4680 • 20 West Gate

**Fort Garry Library**
204-986-4918 • 1360 Pembina Hwy.

**Pembina Trail Library**
204-986-4369 • 2724 Pembina Hwy.

**West Kildonan Library**
204-986-4386 • 365 Jefferson Ave.

**Henderson Library**
204-986-4314 • 1-1050 Henderson Hwy.

**Munroe Library**
204-986-3736 • 489 London St.

**Transcona Library**
204-986-3950 • 1 Transcona Blvd.

**Bibliothèque de Saint-Boniface**
204-986-4331 • 100-131 boul. Provencher

**Osborne Library**
204-986-4775 • 625 Osborne St.

**Windsor Park Library**
204-986-4949 • 1195 Archibald St.

**St. Vital Library**
204-986-5628 • 6 Fermor Ave.

**Louis Riel Library**
204-986-4573 • 1168 Dakota St.

Bumisita sa **winnipeg.ca/library**, gamitin ang aming app, o telepono para sa kasalukuyang **mga oras ng library**.






## Matutulungan ka ng staff ng library na malaman ang mga sagot sa lahat ng uri ng mga tanong. *Magtanong lang!*

### Para maghanap ng library malapit sa iyo:

- Pumunta sa website ng Pampublikong Library ng Winnipeg sa **winnipeg.ca/library**
- Gamitin ang Winnipeg Public Library app
- Tumawag sa 204-986-6450

@wpglibrary
formerly twitter

@winnipegpubliclibrary

@winnipegpubliclibrary

winnipegpublibrary

# Maligayang Pagdating sa Pampublikong Library ng Winnipeg

Ang pampublikong library ay isang lugar na bukas sa lahat. Sa silid-aklatan, magagawa ninyo ng iyong pamilya na maghanap ng impormasyon; magbasa, mag-relax o mag-aral; magtanong; dumalo sa isang programa; manghiram ng mga libro, pelikula, musika, at higit pa!



## ideaMILL

Ang ideaMILL makerspace ay matatagpuan sa ika-3 palapag ng Millennium Library. Ang lugar ay para sa pagtatrabaho sa mga proyekto at paggamit ng mga computer at software, 3D printer, makinang pantahi, kagamitan sa photography at paggawa ng video, mga sound booth para sa pag-record, at higit pa.

## Pagkuha ng library card




- Bumisita sa kahit saang branch ng Pampublikong Library ng Winnipeg.
- **Libre ang mga library card para sa mga residente ng Lungsod ng Winnipeg.** Maaaring magkaroon ng sariling card ang bawat miyembro ng pamilya mo.
  - Magdala ng pagkakakilanlan gaya ng Manitoba Health Card, lisensya sa pagmamaneho, o utility bill na nagpapakita ng iyong pangalan at kasalukuyang address.
  - Makakakuha ka ng Limitadong Library Card kung wala kang maipapakitang pagkakakilanlan.

## Gamit ang iyong library card

- Maaari kang manghiram ng mga item mula sa alinman sa 20 branch ng Pampublikong Library ng Winnipeg.
- Makakahiram kayo ng iyong pamilya ng mga libro, musika, mga video game, mga pelikula, at mga audiobook. Maaari kang manghiram ng mga librong dalawa ang wika at mga libro na nasa mahigit 20 wika (ang karamihan ay nasa Millennium Library).
- Mahihiram mo ang karamihan sa mga item sa loob ng 21 araw. Maaari kang manghiram ng hanggang 100 item sa bawat pagkakataon. Makakahiram ang mga may limitadong card ng hanggang 2 item sa bawat pagkakataon.
- Maaari kang magsauli ng mga item sa kahit anong branch. Maaaring magsauli ng libro sa lahat ng branch kahit tapos na ang mga oras ng trabaho.

## Sa library

- Maaari mong gamitin ang libreng WiFi at mga internet computer sa anumang branch ng library.
- Ang mga library ay mayroong mga programa at event para sa mga bata, nasa hustong gulang, at pamilya. Maaari kang dumalo sa mga Grupo ng Pag-uusap sa Ingles, book club, pagsasalaysay ng kuwento, klase sa computer, at higit pa. Magtanong sa inyong library tungkol sa kung anong mga programa ang mayroon sila. Maaaring kailangan mong magparehistro. Libre ang lahat ng programa ng library.
- May mga online na mapagkukunan din, sa **winnipeg.ca/library**. Maaari kang makinig sa at magbasa ng mga libro, magazine, at manood ng mga pelikula.
- Ang lahat ng 20 branch ay may mga libro sa French. Ang St. Boniface Library ay nag-aalok ng mga serbisyo at programa sa French at Ingles.

## Kung kailangan mo ang iyong mga item nang mas matagal:

- Maaari mong subukang i-renew ang iyong mga item kung kailangan mo ang mga ito nang mas matagal:
  - Mag-log in sa Aking Account sa **winnipeg.ca/library**
  - I-download ang Winnipeg Public Library app
  - Hilingin sa staff ng library na i-renew ang mga item mo
  - Tumawag sa aming serbisyo ng TeleMessaging sa 204-986-4657 (sa Winnipeg) o 1-866-826-4454 (sa labas ng Winnipeg, nang libre)

Hindi kami naniningil ng mga multa sa overdue na item. Mangyaring isauli ang mga item sa takdang panahon. Sisingilin ka ng halaga ng kapalit para sa mga item na hindi isinauli, o kaya ay isinauli nang sira na.



Ang library ay isang magandang lugar para bisitahin kasama ng mga bata. Magtanong sa staff tungkol sa mga libreng programa ng library para sa mga bata at pamilya.